



Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation:  
A Project Ensuring the Full and Effective Participation of Indigenous Peoples in the  
Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System

LEARNING MATERIAL

## Paghahanda sa mga Panayam sa Radyo at Telebisyon

FR. FRANCIS LUCAS

### Panimula

#### *Radyo at TV (lokal at pambansa)*

Sa kabila ng pag-iging ng tinatawag na digital na media, mas pangkaraniwan pa rin para sa madla ang mga anyo ng tradisyunal na media na radyo at telebisyon. Ganito rin ang kalagayan ng mga katutubo, lalong higit sa mga kakarampot o hindi pa naaabot ng supply ng kuryente at mahina ang sagap ng signal sa kanilang liblib na kinaroroonan. Dulot ng mga ito, mas namamayagpag pa rin ang radyo at TV bilang pinagkukunan ng impormasyon para sa mga Pilipino.

#### *Halaga at sakop ng radyo at TV*

Pagdating sa broadcast, mahalagang maintindihan ang mga tagapakinig o manonood na kanilang sinusubukang maabot. Habang mayroong mga radyo at TV na napapakinggan at napapanood sa buong bansa, mayroon ding mga istasyon na mapapakinggan at mapapanood lang sa mga piling lokalidad na tinatawag na mga lokal na istasyon o istasyong pangkomunidad.

Nakabatay sa sakop ng mga istasyon ang katangian ng kanilang mga tagapakinig at manonood. Ibig sabihin, kung

ang istasyon ay pambansa, dapat itong maghain ng akma sa panlasa ng mga Pilipino sa iba't-ibang bahagi ng bansa. Samantala, kung ang istasyon ay sa rehiyon lamang o lokalidad, dapat nitong ibatay ang mga programa sa panlasa at sa wikang ginagamit ng mga tagaroon sa sineserbisyuhang lokalidad.

#### *Pagkakaiba ng Radyo at TV*

Isa sa pinakamalaking pagkakaiba ng radyo at TV ay ang pagkakaroon ng biswal na elemento sa telebisyon. Kumbaga, sa radyo ay pakikinig lang ang maaari habang sa TV ay maaaring pakikinig lang din at maaari rin naming makinig at manood. Sa kasalukuyan, nawawala na ang pagkakaibang ito lalo na sa pag-usbong ng mga teleradyo o palatuntunan ng radyo na ipinapalabas din sa TV tulad ng TeleRadyo.

### Mga Uri ng Panayam

#### *Natakdamang Panayam/Interbyu (Scheduled Interview)*

Madalas ay kinokonsulta ng mga tauhan ng media ang iinterbyuhin pagdating sa pagtatakda ng araw at oras ng interbyu.

Karaniwan ay may paunang abiso silang ibinibigay hinggil sa paksa at maging sa mga bagay na tatalakayin at mga katanungang maaaring lumitaw sa mangyayaring interbyu. Sa ganitong uri ng interbyu, ang mga iinterbyuhin ay mayroong pagkakataong maghanda para sa isyu o paksa ng tatalakayin sa palatuntunan. Maaaring mapag-isipan nang maigi, magsaliksik, at kahit pa nga mag-ensayo ng mga pahayag na sasabihin bago ang mismong interbyu. Sa ganitong uri ng interbyu, ang interbyu ay karaniwang nagaganap sa istasyon ng radyo o TV o sa isang tukoy na lokasyon.



### *Biglaang Panayam/Interbyu (Ambush Interview)*

Batay na rin sa ngalan nito, ang ambush interview ay ang uri ng interbyu na biglaang nangyayari at hindi nakatakda o hindi napagkasunduan ng dalawang panig. Sa ganitong paraan, susubukan ng tauhan ng media na makakuha ng pahayag mula sa sinusubukang interbyuhin sa isang partikular na isyu o paksa. Kabaligtaran ng nakatakdang interbyu, ang biglaang interbyu ay walang pinipiling lugar, bigla na lang susulpot ang mag-iinterbyu sa kung nasaan ang susubukan niyang iinterbyuhin. Dagdag pa ryan, karaniwang ginigipit ang iniinterbyu at hindi binibigyan ng pagkakataong makapag-isip. Minsan pa nga ay susubukang inisin o pwersahin ang iniinterbyu na magbigay-pahayag. Sa ganitong uri ng interbyu, dapat mabilis mag-isip ang iniinterbyu at makasagot nang akma sa tunay na posisyon nya hinggil sa isyu o paksa.

### **Mga Dapat Tandaan Ukol sa Nakatakdang Panayam**

#### *Ang Tagapakinig/Manonood at ang Media*

- Kilalalin ang network o istasyon ng media na magsasagawa ng interbyu. Ano ang “K” nila? Ano ang pagkakatulad o pagkakaiba ng kanilang kiling pampulitika sa kiling ng iyong kinabibilangang organisasyon? Sila ba ay matuturing na kaalyansa, walang pinapanigan, o matuturing na kalaban?
- Ano kayang impormasyon, kaisipan, anggulo, o pagkiling ang tingin mong gusto nilang makuha mula sa iyo?
- Tanungin din kung kailan ipapalabas ang programa

(anong araw at oras) at alamin kung ano ang katangian ng mga tagapakinig/manonood para maibagay mo ang iyong mga sagot at pahayag sa paraang maiintindihan nila. Subukang tanungin ang sarili sa mga maaaring tanungin sa iyo sa gitna ng interbyu.

- Alamin ang wikang ginagamit, kultura, at paraan ng pag-iisip ng mga tagapakinig/manonood tungkol sa isyu o paksa na pag-uusapan sa interbyu.

#### *Ang Iyong Mensahe*

- Ano ba ang pinakanais mong mangyari sa interbyu na ito? Anong mensahe ang nais mong tumimo sa mga tagapakinig/manonood?
- Ang iyong mensahe ay dapat naglalaman ng impormasyon na magpapagising sa diwa ng tagapakinig/manonood, ang mensahe ay dapat bago, totoo, at nakakapukaw-atensyon.
- Ang moral na pananaw ay dapat makita bilang agresibong posisyon. Bagkus, ito ay dapat makitaan ng maliwanag na pagkaunawa sa isyu o paksa at hindi lang basta impormasyon o kaalaman ukol dito.

#### *Ang Iyong Institusyon*

- Kilalanin ang iyong kinabibilangang institusyon at ano ang ipinaglalaman o adbokasiya nito. Ibuod ang mga kaya nitong ihain. Ano ang mga competitive edge nito?
- Ang adbokasiya ng iyong institusyon ay mahalaga sa pagharap sa media. Alamin kung ano ang pagtingin ng madla at ng media sa kinabibilangan mong institusyon.
- Maghain ng bagong pananaw. Huwag lang maging isang tour guide sa bagay na ilang beses nang nasabi tungkol sa isyu o sa iyong institusyon.

## Ang Iyong Sarili

- Alamin at aminin sa sarili kung ano ang iyong alam at ano ang hindi mo (pa) alam.
- Bantayan ang nakasanayang kibot at galaw (mannerisms), ang paraan ng pananalita, ang wika ng katawan (body language), at ang maging dahilan ng iyong pagkakaba. Iwaksi ang iyong pagkatakot o pagkakaba sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa nag-iinterbyu na para lamang kayong nagkwekwentuhan.
- Siguruhing ilahad at itaguyod ang iyong posisyon at pananaw gayundin ang mga sariling paniniwala at prinsipyo sa isyu o paksang pinag-uusapan. Siguruhing sinuri at binalik-balikan ang mga posibleng argumento ukol sa iyong paniniwala.

## Mga Dapat Asahan sa Istasyon ng radyo o TV

Karaniwang naka-aircon ang mga istasyon ng radyo at TV kaya asahan nang malamig sa loob nito.

Para sa mga istasyon ng radyo, ang mga nag-iinterbyu ay karaniwang nasa isang booth at ang mga iniinterbyu ay nasa tapat niya habang may mesang namamagitan sa kanila. Asahan nang nakaupo sa buong kahabaan ng interbyu at may tig-iisang mikropono ang bawat isa.

Para naman sa mga istasyon ng TV, may tinatawag na TV set kung saan ang lugar ng shooting ay nakabatay sa kuha ng kamera. Siguruhing pamilyar sa kung nasaan ang mga kamera na ito para direktang tumingin dito kung kakausapin ang manonood. Pagdating naman sa mikropono, malamang ito ay ikakabit sa suot ng bawat isa at nakatago upang hindi makita sa kamera.

### Ilang mga Payo para sa Biglaang Interbyu

Madalas tungkol sa mga nagbabagang isyu ang mga tinatanong sa mga biglaang interbyu. Malamang ay pinuntahan ka ng nag-iinterbyu para sa isang mahalagang impormasyon o natatanging pananaw na inaasahan niya na mula sa iyo buhat ng iyong relasyon sa isyu. Kapag pamilyar ka sa paksa ng biglaang interbyu, gamitin mo itong pagkakataon para makapagbigay ng pahayag hinggil sa isyu o paksa.

Sa kabilang banda, kung hindi naman pamilyar sa pinag-uusapan o hindi pa handa dahil sa – marahil ay kulang pa ang nalalaman, hindi sigurado kung nasa tamang posisyon para sumagot, o ramdam na baka malagay sa peligro kung magsasalita – may karapatan ka namang tumanggi na mainterbyu o magbigay lang ng impormasyon/lopinyon na palagay kang ipahayag.

## Ilang mga Diskarte sa Panayam

*On-the-record:* Kapag sinabing on-the-record ang iyong sinabi, ibig sabihin ay binibigyan mo ng pahintulot ang nag-iinterbyu sa paggamit sa lahat ng mga pahayag o anumang anyo ng impormasyon na iyong ibibigay sa nag-iinterbyu.

*Off-the-record:* Kapag naman hindi ka palagay sa paggamit ng ilan sa mga pahayag o anumang anyo ng impormasyong ibibigay mo sa nag-iinterbyu, maaari mo rin siyang sabihan kung alin sa mga ito ang magiging “off-the-record” para hindi nila ito ipalabas o ipakinig sa programa ng telebisyon o radyo.

*For-background:* Ang ibig sabihin nito ay binibigyan mo ng pahintulot ang nag-iinterbyu na gamitin ang pahayag na iyong sinabi pero hindi mo sila pinahihintulutang gamitin ang iyong pangalan. Maaari pa rin nilang sabihin ang iyong posisyon o anumang impormasyon na payag kang gamitin nila (halimbawa: pinuno ng katutubong pamayanan, opisyal ng pamahalaan).

*For deep background:* Ibig sabihin ay binibigyan mo ng pahintulot ang nag-iinterbyu na gamitin ang pahayag na iyong sinabi pero hindi mo sila pinahihintulutang sabihin na sa iyo ito nanggaling. Hindi na rin nila pwedeng sabihin ang anumang impormasyon na maaaring tumukoy sa iyo bilang nagbigay ng nasabing pahayag.



Ang learning material na ito ay inihanda ni Fr. Francis Lucas para sa proyektong “Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System.” Isinagawa ang proyektong ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamain sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

## Citation

Lucas, F. (2020). *Paghahanda sa mga Panayam sa Radyo at Telebisyon*. ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].



The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).

33 Mapagsangguni Street, Sikatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines  
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011  
Email: [angoc@angoc.org](mailto:angoc@angoc.org) | Website: [www.angoc.org](http://www.angoc.org)



The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people’s organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples’ survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.

c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines  
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406



Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples’ issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples’ sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.

71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines  
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406  
Email: [pafid@skybroadband.com.ph](mailto:pafid@skybroadband.com.ph), [pafid@yahoo.com](mailto:pafid@yahoo.com) | Website: [www.pafid.org.ph](http://www.pafid.org.ph)